Sanita bang Pag-Ibig?

Tanong: ANO ANG PINAKALAGANAP NA SANHI NG KAMATAYAN NG MGA KABABAIHAN SA BUONG MUNDO?

Sagot:

DOMESTIC VIOLENCE

Ayon sa World Health Organization, itinatayang 52% ng kababaihan sa buong mundo ay nakararanas ng DOMESTIC VIOLENCE, at isa sa limang kababaihan ang makakaranas ng panggagahasa o rape sa kanilang buhay.

Sa mga Pilipino, ang pamilya ay katumbas ng pagmamahalan, kasiyahan, katapatan at pag-asa. Ngunit, hindi kaila sa ating may mga pamilyang nakararanas ng karahasan, mataas o mababa man ang katayuan nito sa buhay.

Ano nga ba ito? Ang karahasang pampamilya o *domestic violence* ang pinakalaganap na uri ng karahasan sa mga kababaihang Pilipino. Kilala rin ito bilang away o di-pagkakasundo ng mag-anak, sapagkat ang pang-aabuso ay nagaganap sa loob ng tahanan. Ito ay suliraning panlipunan, labag sa karapatang pantao, at isang krimen ayon sa R.A. 9262 (Anti-Violence Against Women and their Children Act of 2004). Kabilang dito ang:

- Pambubugbog ng asawa
- Pamimilit sa asawa na makipagtalik
- Pang-aabuso sa bata
- *Incest*
- Away ng magkakapatid
- Pag-aabuso sa matatanda at may kapansanang kamag-anak
- Pang-aabuso ng mga biyenan, hipag at bayaw
- Pang-aabuso sa mga katulong sa bahay

Ang nakakalungkot ay ang katotohanang karamihan sa mga nakararanas nito ito ay inililihim ang masaklap na nangyayari sa kanilang pamilya o tahanan.

Pangkabuhayan

- *nangyayari ito kapag inaalisan ng sustento o pinagkakaitan ng suportang pinansyal ang biktima*
- *kabilang dito ang pagbabawal sa biktima na maghawak ng pera, pagbabawal sa biktima na magtrabaho at maghanapbuhay, pagpigil/paghadlang sa pera ng biktima o pagkontrol sa pera ng mag-asawa at pagsira ng mga kasangkapan sa bahay*



Ang karahasang pampamilya ay hindi kailanman kasalanan ng biktima. Ito ay 100% pananagutan at kagustuhan ng nang-aabuso.

Kung ikaw (at ang iyong anak) ay nakararanas ng karahasan at kasama mo pa ang abusadong asawa o partner, narito ang ilang mungkahing mga dapat gawin:

1. Alamin kung saan makahihingi ng tulong. Tandaan ang mga numero ng teleponong pangkagipitan.
2. Magkaroon ng ekstrang susi ng bahay at isang bag na may lamang ilang pirasong damit, sakali't kailangang umalis ng bahay na wala sa panahon.

- May 22% hanggang 70% kababaihang sinurbey ang nagsabi na hindi sila nagsumbong tungkol sa pang-aabuso.
- **Ayon sa pag-aaral ng SWS para sa KALAKASAN at Women's Media Circle noong 2004, 6 sa bawat 10 kababaihan ang nakakaranas ng pag-aabuso mula sa kanilang mga asawa.**

- Sang-ayon naman sa pag-aaral ng Center for Women's Studies, Unibersidad ng Pilipinas, sa 1,000 kasong pinag-aralan, **98% nito ang nakaranas ng karahasang pampamilya. Lumilitaw sa pag-aaral na ang mga asawa o kasama sa buhay ang nang-aabuso sa mga kababaihan.**

Isang dahilan ito upang mabahala, sapagkat ang pang-aabuso ay maaaring magdulot ng mas malalang suliraning pangkalusugan tulad ng:

- paulit-ulit na sakit
- kapansanang pangkatawan
- pang-aabuso sa droga at alcohol
- depresyon o labis na kalungkutan, at
- ang pag-iisip na magpatiwakal

MGA URI NG PANG-AABUSO

Ang higit na kilalang mga uri ng pang-aabusong tinatanggap o dinaranas ng mga kababaihan at ng kanilang mga anak ay ang mga sumusunod:



PISIKAL

- anumang gawaing ginagamitan ng pananakot, pananakit at pamimilit sa babae o kanyang anak
- pambubuntal, pamamalo, pananampal, pagsabunot sa buhok at iba pa

SIKOLOHIKAL-EMOSYONAL

- anumang gawaing maaring magdulot ng labis na pag-aalala at pakbalisa ng biktima ang biktima ay naiiwang lito at may sugatang damdaming mas matagal maghilom kaysa sa sakit na nadarama ng katawan kabilang dito ang pagmumura at pangungutya, paggamit ng masasakit na salitang ang layunin ay hamakin, insultuhin o dili kay ay magdulot ng sakit o pagdurusa sa babae at kanyang anak

SEKSWAL

anumang gawaing sekswal na ginagamitan ng pamimilit o pamumuwersa upang maisagawa ang layunin ang mga pangunahing salita rito ay "sa pamamagitan ng puwersa o pamimilit", panloloko" at "kawalan ng pahintulot" kabilang dito ay pang-aabusong sekswal,

panggagahasa, pambabastos, pagtrato bilang sekwal na bagay lamang, pagsambit ng mga salitang nakakahamak at sekswal, pisikal na pananakit sa mga sekswal na bahagi ng katawan (mga suso at ari), pamimilit sa pagbabasa ng mga malalaswang panulat o panonood ng mga mahahalay o bastos na palabas, pagpapatira ng kalaguyo ng lalaki sa nandoon ang asawang babae, pamimilit sa

3. Magtago ng kopya ng mga kailangang dokumento o papeles tulad ng kasulatan sa kasal, katibayan ng kapanganakan ng mga anak, papeles ng siguro, titulo ng lupa at iba pang papeles ng mga pag-aaring personal at ari-arian ng mag-asawa.
4. Mag-impok. Magkaroon ng sariling deposito sa bangko o magpundar para sa sariling kinabukasan.

5. Tumawag sa isang tagapayo (counselor) at pakinggan. Linawin at tiyaking makapagbigay ng mga kailangang impormasyon at suportang emosyonal.

Tandaan, walang karapatan ang sinumang abusuhin ka.
Maaari kang umalis anumang oras sa isang relasyong mapang-api o mapagmalupit.

Ang tunay na PAG-IBIG ay walang pang-aabuso at pananakit!

ANG KARAHASANG PAMPAMILYA AT ANG BATAS

Ang bagong batas ay ang R.A. 9262 (Anti-Violence Against Women and their Children Act of 2004). Ayon dito, ang *"Violence against women and their children"* ay anumang akto o iba't ibang akto na ginawa ng isang tao sa isang babae na maaring kanyang asawa, dating asawa, karelasyon (sekswal o "dating" lamang) o dating karelasyon, na maaaring nagkaroon sila ng anak (lehitimo o ilehitimo), sa loob o labas man ng tahanan, na maaaring magdulot ng pananakit o pagpapahirap na pisikal, sekswal, sikilohikal o pang-aaabusong pangkabuhayan kasama ang mga pagbabanta ng mga gawaing tulad ng pambubugbog, paggahasa, pamimilit, panliligalig o di-makatwirang pagbawi ng kalayaan.

Ang iba't-ibang uri ng pang-aabuso sa mga kababaihan at kanilang mga anak ay may karampatang parusa sa ilalim ng batas na ito.

Bukod pa rito, **may mga karapatang** sinasaad ang R.A. 9262 para sa mga biktima tulad ng:

- Karapatan sa pagkakaroon ng pagtitiwala at paggalang
- Karapatan sa pagkuha ng Protection Order
- Karapatang magsampa ng mga kasong kriminal at administratibo
- Karapatang mag-apply para sa pagpigil ng pangingibang-bansa ng umaabuso sa kanya
- Karapatang mangalaga at sumuporta sa kanyang mga anak
- Karapatan sa pagkakaroon ng sampung araw na bakasyon mula sa trabaho ng may bayad
- Karapatang makakuha ng mga serbisyong pansuporta mula sa pamahalaan

Upang mapigilan ang mga gawaing pang-aabusa sa biktima at sa kanyang anak, may tatlong uri order na maaaring gawin ayon sa R.A. 9262. Ang mga ito ay ang:

- Barangay Protection Order
- Temporary Protection Order
- Permanent Protection Order



Bukod sa babaeng biktima ng karahasan, may mga ibang taong maaaring kumuha nito para sa kanya tulad ng mga magulang/ tagapangalaga, mga anak na nakatatanda, mga kamag-anak, mga manggagawang panlipunan ng DSWD, mga pulis, mga opisyal ng barangay, mga *counselor*, abogado, manggagamot o mga health worker o kahit dalawang mamamayang nagmamalasakit na nalalaman ang kanyang karanasan ng karahasan.

Tandaan: Hindi na pinahihintulutang aregluhin ng barangay ang mga kaso ng karahasang pampamilya! Kailangang dumaan ito sa mga makabagong prosesong legal.

Makakatulong ang DSWD at pamahalaang lokal sapamamagitan ng:

Pagbigay ng pansamantalang tirahan, pansikilohikal na counseling at iba pang serbisyo sa pagbabagong-buhay ng mga biktima-nakaligtas sa karahasan

Siguruhing ang mga magbibigay ng serbisyo sa mga institusyon at mga sentro para sa mga kababaihan at kanilang mga anak ay *gender-sensitive* at isusulong ang mga karapatan ng mga kababaihan at kanilang mga anak

Makapagpasagawa ng mga makabuluhang pagasasanay at iba pang serbisyong pangkabuhayan para sa mga biktima-nakaligtas sa karahasan

Makakatulong ang mga barangay opisyal sa pamamagitan ng:

Pagtugon sa paghingi ng tulong sa pamamagitan ng pagpasok sa tahanan kahit mayron o walang Protection Order na naipagawa
Pakikipanayam sa mga biktima-nakaligtas sa karahasan at mga saksi nito upang maitakda ang mga pangyayari
Ipagbigay-alam sa mga biktima-nakaligtas sa karahasan ang kanilang mga karapatan at mga hakbang na maaaring gawin
Arestuhin ang nang-aabuso kahit na walang warrant kapag anuman sa mga uri ng pang-aabuso ay nangyayari
Dalhin o samahan ang mga biktima-nakaligtas sa pinakamalapit na ospital o klinika upang maipagamot



Ipaglaban mo ang iyong karapatan laban sa karahasan. May karapatan kang mamuhay ng masaya, ng walang takot at maging maunlad!

IKAW ba ay

- Sinasampal?
- Ginugulpi?
- Tinutulak?
- Sinasabunutan?
- Binabato o hinahataw ng mga bagay?
- Pinapahirapan dahil sa iyong kapansanan?
- Minumura lalo na sa harap ng ibang tao?
- Hinihiya/nilalait sa harap ng ibang tao?
- Pinagsasalitaan ng masama?
- Ayaw palabasin ng bahay o kinukulong sa kuwarto?
- Pinipilit makipagtalik kahit hindi mo gusto?
- Hindi sinusustentuhan?
- Binabawian ng karapatang magkaroon ng sapat na pagkain, pananamit at tirahan?
- Tinatratong parang alipin?